23 Abril 2026

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 202 , s. 2026

**PAGSASAGAWA NG BALIDASYON NG PORTFOLIO SA IMPLEMENTASYON NG IRIGA PLUS PROGRAM**

*(Intensive Remedial Instruction for Greater Achievement in Literacy and Numeracy)*

Para sa: Kawaksing Tagapamanihala
Mga Punong Tagamasid
Mga Superbisor sa Programang Edukasyon
Mga Nanunuparang Tagamasid Pampurok
Mga Puno ng Paaralang Elementarya at Sekundarya

1. Kaugnay ng patuloy na pagpapaigting ng implementasyon ng *IRIGA Plus Program (Intensive Remedial Instruction for Greater Achievement in Literacy and Numeracy)*, ang SDO Lungsod Iriga ay magsasagawa ng **Balidasyon ng Portfolio** bilang bahagi ng pagtukoy sa mga paaralang may pinakamahusay na implementasyon ng programa.

2. Ang nasabing balidasyon ay gaganapin sa **Abril 27, 2026 (8:00 n.u. – 5:00 n.h.)** sa **SDO Conference Hall.**

3. Layunin ng gawaing ito na:

   a) Masuri ang kalidad at kabuoan ng implementasyon ng IRIGA Plus Program sa bawat paaralan;
   b) Makapili ng **Kampeon, 1st Runner-Up, at 2nd Runner-Up** batay sa itinakdang pamantayan.

4. Dahil dito, inaatasan ang lahat ng punong-guro ng sumusunod na paaralan na dumalo para sa mga kinakailangang balidasyon:

| | | |
|---|---|---|
| San Isidro ES | Niño Jesus ES | La Purisima ES |
| San Francisco ES | Sagrada ES | San Juan IS |
| San Nicolas ES | Tubigan ES | San Antonio ES |
| Iriga CS | Iriga North CS | |
| | San Pedro ES | |
| | San Rafael ES | |
| | Cristo Rey IS | |
| | Cawayan ES | |



Scanned with CamScanner

**RUBRIKS SA PAGMAMARKA NG PINAKAMAHUSAY NA TAGAPAGSAKATURAN NG IRIGA PLUS PROGRAM YEAR 3**

| **A. Kahandaan ng Paaralan sa lahat ng Baitang 1-6** | 10 | **Rubrics sa Pagmamarka** | **Marka** |
|---|---|---|---|
| *May pinagtibay na Panukalang Proyekto at Planong Gawin para sa Pagsasakatuparan ng Iriga Plus Program* | 4 | 4-pinirmahan ng SDS ang planong gawain at kontekstuwalisadong proyekto na nakatuon sa programang IRIGA Plus , sa loob ng buwan ng Hunyo 2025; may nakalaang oras sa Class Program; may mga ebidensiya na nagsagawa ng disenyong proyekto; may memo na ang kontekstuwalisadong proyekto ay naka angkla sa IRIGA Plus at ARAL Program, may oryentasyon at kuhang larawan ng bawat isa sa itaas<br>2-pinirmahan ng SDS ang planong gawain, lagpas sa buwan ng Hunyo 2025, may 1 kulang na ebidensiya<br>1-walang pirma, higit sa 2 kulang na ebidensiya | |
| *May Listahan ng mga Kasanayang Dapat Matutuhan (Learning Needs) sa bawat antas na kinabibilangan ng mga mag-aaral* | 3 | 3 - Kompleto ang listahan ng learning needs sa bawat antas ng pagbasa sa bawat baitang; nakalista ang bilang ng mga mag-aaral sa bawat antas sa CRLA at Phil-IRI (Baitang 1-6); may talaan ng mga mag-aaral sa low emerging at frustration na naitaas dahil sa interbensyon ng IRIGA Pllus/ARAL Program (Baitang 1-6)<br>2 - May 1 dokumentong kulang<br>1 - May 2-4 dokumentong kulang | |
| *May Listahan ng mga Stakeholders/Donors para sa proyekto sa literasi (Pagbasa at Pagbilang) na nagkaroon ng kahanga-hangang ambag sa pagkatuto ng mga mag-aaral* | 3 | 3 - May listahan, MOA at malinaw na kuhang larawan ng mga naiambag na materyales o serbisyo para sa literasi at numerasi<br>2 - May isang kulang na dokumento<br>1 - May 2 o higit pang kulang na dokumento | |
| | | **Marka** | 10 |
| **B. Igting at Lawak ng Implementasyon sa Buong Paaralan** | 15 | | |
| *May dokumentasyon sa Pagsasagawa ng Focused Group Discussion (FGD o Learning Action Cell (LAC) Session* | 5 | 5 - May kompletong dokumento (naratibo at larawan) ng resulta ng isinagawang LAC o FGD sa pagtuturo at pagkatuto ng mag-aaral, may iskedyul ng gawain, pirmado ng kinauukulan, may dokumentasyon ang mga suliranin o isyung binigyan ng aksiyon; may TA na nakatuon sa remedial instruction at paggamit ng kagamitang pampagkatuto, at resulta at analisis ng ginawang Monitoring and Evaluation; may binuong patakaran mula sa resulta ng M&E<br>3 - May 1-2 dokumentong kulang<br>1 - May 3 at higit pang kulang | |
| *May dokumentasyon sa Pagbibigay ng Tulong Teknikal para sa pagproseso ng mga gawaing pagtuturo at pagkatuto* | 5 | 5-May kompletong dokumento sa mga ibinigay na tulong teknikal sa a) pagsasagawa ng FGD; b) mga gawain sa remedial instruction; c) pagbuo at paggamit ng kagamitang pampagkatuto para sa pagbasa at pagbilang; may nabuong patakaran batay sa resulta at analisis ng ginawang Monitoring and Evaluation na nakatuon dito.<br>3- may 1-2 dokumentong kulang<br>1- may 3 at higit pang kulang | |
| *May dokumentasyon sa paggamit at pagtiyak ng kalidad ng nabuong karagdagang kagamitang pampagtuturo para sa higit na pagkatuto* | 5 | 5-May kompletong dokumento ng paggamit ng mga binuong kagamitang pampagkatuto; may listahan ng mga binuong kagamitan at resulta ng pags<br><br>asanay sa paggamit nito; may binuong analisis at rekomendasyon sa resulta ng kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo<br>3- may 1- dokumentong kulang<br>1- may 2 at higit pang kulang | |
| | | **Marka** | 13 |
| **C. Mabubuting Gawi (Best Practices)** | 5 | | |
| *May dokumentasyon ng kahanga-hangang gawaing nakatulong sa* | 5 | 5-may malinaw na dokumentasyon (ulat pasalaysay at larawan) sa iba pang pantulong na gawain/proyekto na nakatuon sa pagpapaigting ng pagbasa at pagbilang; mga kagamitang pampagkatuto, teknik at iba pang | 5 |

CS Scanned with CamScanner

| | | | |
|---|---|---|---|
| *pagpapataas ng kasanayang bumasa, umunawa at bumilang* | | gawi na nagpakita ng malaking resulta sa CRLA at RMA; may paghahambing sa tulong ng graph ang resulta ng Pretest at PostTest CRLA, at RMA; may listahan ng mga mag-aaral na na nasa Full Intervention/Low/High Emerging na naitaas ang antas; at may mga konsolidasyon ng testimonya (guro at mag-aaral) na ang nasabing gawain ay lubhang nakatulong sa pagpapaigting ng kasanayan nilang bumasa at bumilang<br>3- may 1-2 dokumentong kulang<br>1- may 3 at higit pang kulang | |
| **KABUOANG PUNTOS NG SEKSYON A, B, at C (30%)** | 30 | **Halimbawa:**<br>**A= 10 B= 13 C= 5** | 28 |
| **D. Balidasyon** | 70 | | |
| *Resulta ng onsite ebalwasyon at pagpapabasa ng mga Superbisor sa Pagbasa at Pagbilang sa mga mag-aaral gamit ang binuong kaparehong tools;*<br><br>*Walang liban sa araw ng balidasyon; May ID ang lahat ng mag-aaral sa Baitang 1-3.* | | Ang resulta ng balidasyon ay may ganitong pormula:<br>**Halimbawa:**<br>Kabuoang bilang mula sa **A, B, C = 28**<br>Ang 70% ay hahatiin sa dalawa, 35% sa literasi at 35% sa numerasi.<br>Halimbawa:<br>Para makuha ang 70% ng balidasyon:<br>A. Literasi- Sa 30 mag-aaral, may 25 reader<br>25/30= 83.33 x 35% = 29.16<br>B. Numerasi- Sa 30 mag-aaral, may 27 numerate<br>27/30 =90 x 35% = 31.50<br>Kabuoan- 29.16 + 31.50 = 60.66<br><br>Marka sa A hanggang D = **28** + **60.66**= 88.66 puntos | 60.66 |
| **KABUOANG MARKA** | 100 | 70 puntos= 60.66 + 30 puntos= 28 | 88.66 |

**SINURI:**

PANGALAN AT LAGDA NG SUMURI

PANGALAN AT LAGDA NG SUMURI

PANGALAN AT LAGDA NG SUMURI

Scanned with CamScanner

5. Samantala, ang balidasyon at ebalwasyon ay pangungunahan ng mga Superbisor sa Programang Edukasyon gamit ang itinakdang rubriks at pamantayan:

| | |
|---|---|
| Tagapangulo: | Dr. Ricky B. Sergio |
| Ka-Tagapangulo: | Dr. Sahlee B. Cerillo |
| Mga Kasapi: | Dr. Belen B. Pili |
| | Dr. Florenia C. Toralde |
| | Dr. Helen Z. Cornelio |
| Sekretaryat: | G. Teodoro R. Nacario, Jr |
| | Gng. Janet B. Ramboyong |

6. Para sa inyong impormasyon, patnubay at kaukulang aksiyon.

**MARIA-MAGNOLIA F. BRIOSO, CESO VI**
Nanunuparang Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan



Scanned with CamScanner